# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO
# LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
# MGA TALA O MINUTES

**Isinagawa sa pamamagitan ng Videoconference o Komperensiya sa Pamamagitan ng Internet**
*(Nagkaloob ng pamamaraang makasali mula sa ibang lugar sa pamamagitan ng teleconference o komperensiya sa pamamagitan ng telepono)*
**www.sfgovtv.org**

## Enero 22, 2022 – 10:00 AM

## Espesyal na Pulong

**Mga Kasapi:** Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

1. **Panawagan ukol sa Pagsisimula ng Pulong at Pagtatawag ng mga Pangalan ng mga Inaasahang Dumalo**

   *Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa espesyal na sesyon sa pamamagitan ng videoconferencing, at nagbigay ng mga komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Sabado, Enero 22, 2022. Nanawagan si Pangalawang Tagapangulo (Vice Chair) Ditka Reiner ukol sa pagsisimula ng pulong nang 10:07 a.m.*

   *Sa pagtatawag ng mga pangalan ng mga inaasahan dumalo, naitalang naroroon sina Tagapangulo Townsend, Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Member Castillon, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Miyembro Reiner. May sapat na bilang ng kinakailangan na naroroong miyembro upang maidaos ang pulong.*

2. **Pag-apruba sa Mga Tala ng Pulong noong Enero 3 at Enero 7.**

   *Mga Tagapagsalita: David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

   **Gumawa ng mosyon si Miyembro Chasel Lee, at sumegunda si Miyembro Pierce, na APRUBAHAN ang mga tala ng mga pulong noong Enero 3 at Enero 7. Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

   **Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**3. Pinakabagong Impormasyon ukol sa Plano para sa Pag-abot sa Nakararami**

*Iniharap nina Angela Calvillo, Klerk ng Lupon at Junko Laxamana, Katuwang na Direktor (Deputy Director), Administrasyon at Pinansiya o Administration & Finance (Office of the Clerk of the Board of Supervisors o Opisina ng Klerk ng Lupon ng mga Superbisyor) ang kasunod na impormasyon magmula noong naisaad ang bagay na ito sa mga pag-uusapan, at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Jonathan Meade; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco o Liga ng mga Kababaihang Botante ng San Francisco); Spencer Tolliver; Regina; Richard; Michael; Cheryl Thornton; Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); Richard Rothman; Naj Daniels; Grace Horikiri (Japantown Community Benefit District o Distritong Janpantown para sa Pakinabang ng Komunidad)); David Pilpel; Josephine Zhao; Tagapagsalita; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng mga pagsusumikap na makaabot sa nakararami para sa mga pulong ng Task Force.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

*Hiniling ni Tagapangulo Townsend na mapakinggan ang ibagay na pag-uusapan o item na blg. 4 sa mas nahuhuling bahagi ng pulong.*

*Panandaliang inihinto ni Tagapangulo Townsend ang pulong nang 1:32 p.m. at itinuloy ang pulong nang 1:45 p.m.*

**4. Mga Bagong Impormasyon sa Iskedyul ng Regular at Espesyal na Pulong**

*Wilson Ng, Katuwang na Direktor para sa mga Operasyon (Deputy Director for Operations), at Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Office of the Clerk of the Board of Supervisors); sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Jonathan Meade; hiniling na ilipat nang mas maaga sa iskedyul ng Task Force ang pulong na nakatuon sa Distrito 1.*
*Tes Welborn; hinikayat ang Task Force na magsaalang-alang ng mas maraming espesyal na pulong sa Pebrero at Marso, pero hiniling na iwasan ang pagdaragdag pa ng pulong sa Abril 2022.*
*Richard Rothman; hiniling na magsagawa ang Task Force ng magkakahiwalay na mga pulong para sa pagtalakay ng administratibong gawain, at para sa mga diskusyong nakatuon sa mga distrito.*
*Jill Shenker (San Francisco Rising); sinuportahan ang pagdaragdag ng Task Force ng mga petsa para sa pagpupulong sa kalendaryo.*
*Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); sinuportahan ang pagdaragdag ng Task Force ng mga petsa para sa pagpupulong sa kalendaryo at ang pagpipinal sa kalendaryo sa lalong madaling panahon.*
*Tagapagsalita; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force.*
*Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); hiniling na isaad sa kalendaryo ng mga pulong ng Task Force kung ano-anong wika ang magagamit para sa bawat pulong.*
*David Pilpel; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force.*

*Cheryl Thornton; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa the Task Force.*

**Nagsagawa ng mosyon si Miyembro Cooper, at sumegunda si Miyembro Hernández Gil, na pagtibayin ang pagbabago sa iskedyul ng pulong ng Task Force meeting ayon sa sumusunod:**

- **Pagdaragdag ng espesyal na pulong sa Biyernes, Pebrero 11, 2022, na magsisimula nang 3:00 p.m., at isasagawa nang remote (sa pamamagitan ng internet), at kung saan nakatuon ang usapan sa Distrito 1;**
- **Pagdaragdag ng espesyal na pulong sa Miyerkoles, Pebrero 23, 2022, na magsisimula nang 5:30 p.m., at isasagawa nang remote, at kung saan nakatuon ang usapan sa Distrito 7; at**
- **Pagtatalaga na magsimula ang remote na espesyal na pulong sa Sabado, Pebrero 26, 2022, nang 10:00 a.m., at kung saan nakatuon ang usapan sa Distrito 2.**

**Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

**Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**Gumawa ng mosyon si Pangalawang Tagapangulo Reiner, at sumegunda si Miyembro Pierce, na hilingin sa Task Force na mangakong pagtitibayin nito ang pinal at kompletong iskedyul ng Task Force sa Espesyal na pulong na isasagawa sa Sabado, Enero 26, 2022.**

**Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

**Oo: 9 - Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**5. Mga Hangganan o Boundary, Magkakalapit-bahay, at Tinututukang mga Komunidad (Communities of Interest) ng Distrito 5**

*Mga Tagapagsalita: Jon Osaki, Ehekutibong Direktor o Executive Director (Japanese Community Youth Council o Konseho ng Kabataan ng Komunidad ng mga Hapon); hiniling na kilalanin ng Task Force ang Japantown at ipinahayag na walang katulad na interes ang Japantown sa Distrito 2.*
*Glynis Nakahara (Japantown Task Force o Pangkat para sa mga Espesyal na Gawain ng Japantown); hiniling na kilalanin ng Task Force ang Japantown at panatilihin itong buo at konektado sa komunidad na Aprikano Amerikano, bilang pagsusumikap tungo sa pagpapanumbalik ng katarungan o restorative justice.*
*Martha Ehrenfeld , Presidente (Inner Sunset Park Neighbors and Neighborhood Association o Mga Magkakapitbahay at Asosasyon ng Magkakalapit-bahay ng Inner Sunset Park); hiniling na panatilihin ng Task Force ang Inner Sunset bilang iisang*

*superbisoryal na distrito, at panatilihing magkakasama ang mga komunidad sa may Arguello, 19th avenue, at sa may N Judah na linya ng MUNI.*
*Derek Remski; hiniling na panatilihin ng Task Force na magkakasama ang komunidad ng mga Itim, kung kaya't mapag-iisa ang Filmore, Lower Haight, NOPA, ang mga lugar na nakapaligid sa Westside Courts, at ang mga komunidad na nakapaligid sa Booker T. Community Service Center(Booker T. na Sentro para sa mga Serbisyong Pangkomunidad).*
*Ann Belden; hiniling na panatilihin ng Task Force na magkakasama ang pinakasentro ng Distrito 5l at panatilihing magkakasama ang komunidad ng mga itim.*
*Jeremy Chan (Japantown Task Force); hiniling na kilalanin ng Task Force ang Japantown at panatilihin itong buo, kasama na ang Western Addition.*
*Lois Scott (Japantown Task Force); hiniling na kilalanin ng Task Force ang Japantown at panatilihin itong buo, kasama na ang Western Addition.*
*Shakirah Simley; hinihiling na panatilihin ng Task Force ang hilaga at timog na mga bahagi ng Hayes Valley, panatilihin ang Freedom West sa may Gough Street, kilalanin at panatilihin ang Japantown sa magkabilang bahagi ng Geary Street, at panatiling magkakasama ang mga ito, kasama na ang Western Addition, at kasama rin ang mga lugar na nasa paligid ng Booker T. Community Service Center at Westside Courts.*
*Josephine Zhao; hiniling na panatilihin ng Force ang komunidad ng mga Hapon at ang Western Addition sa Distrito 5; at ilipat ang mga nasa Inner Sunset na nasa kanluran ng 17th Avenue sa Distrito 4.*
*Emily Murase, Ehekutibong Direktor (Japantown Task Force); hiniling na kilalanin ng Task Force ang Japantown at panatilihin itong buo at nasa loob ng Distrito 5.*
*Tes Welborn; hiniling na kilalanin ng Task Force e ang mga hangganan ng Distrito 5 bilang Western Addition Japantown, Haight Ashbury, at Inner sunset, at tinukoy ang komunidad ng mga nangungupahan bilang tinututukang komunidad sa loob ng distrito.*
*Richard Johnson; hiniling na ilipat ng Task Force ang mga residente sa malayong timog na bahagi ng Lower Haight at Hayes Valley mula sa Distrito 8 pabalik sa Distrito 5, at itinampok na mas malaki ang pagkakapareho ng komunidad na ito sa Western Addition.*
*Corey Smith; hiniling na panatilihin ng Task Force ang malakas na Aprikanong politikal na presensiya sa Distrito 5.*
*Reverend Angela Brown (United Methodist Churches); hiniling na panatilihin ng Task Force na buo ang Distrito 5 bilang distritong nagbibigay ng lakas sa Aprikano Amerikanong komunidad, at posibleng isaalang-alang ang pagsasama ng mga bahagi ng Tenderloin.*
*Judy Hamaguchi (Japanese American Citizens League o Liga ng mga Mamamayang Hapones Amerikano); hiniling na kilalanin ng Task Force ang historikal at kultural na mga tradisyon ng Distrito 5 at panatilihing buo at magkakasama ang mga Hapones at Western Addition na mga komunidad.*
*Susie Kagami (Japantown Cultural District); hiniling na kilalanin at panatilihin ng Task Force na buo ang Japantown sa loob ng Distrito 5 at panatilihin ang mga koneksiyon sa Western Addition at Filmore na magkakalapit-bahay.*
*Carol Glosinger, Presidente, (Cole Valley Improvement Association o Asosasyon para sa Pagpapahusay ng Cole Valley); hiniling na ilipat ng Task Force ang Cole Valley at ang Upper Haight sa Distrito 8 mula sa Distrito 5.*
*Robert Fructman; hiniling na panatilihing na buo ang komunidad ng mga Itim sa loob ng Distrito 5.*

*Sandy Mori(Japantown Task Force); hiniling na kilalanin ng Task Force ang Japantown at panatilihin itong buo.*
*Regina; hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad ng mga nangungupahan at botante ng progresibong polisiya na nasa loob ng Distrito 5.*
*DJ; hiniling na panatilihin ng Task Force na magkakasama ang mga komunidad ng Western Addition at Japantown, kasama na ang Koreano Amerikano na mga komunidad at mga migranteng Aprikano na komunidad.*
*Zach Thompson; hiniling na kilalanin ng Task Force ang mga residente ng abot-kayang komunidad bilang tinutukang komunidad sa Distrito 5, na kailangang protektahan bilang sentral na bahagi ng distrito.*
*Sarah Wolfish; hiniling na panatilihin ng Task Force na magkakasama ang magkakalapit-bahay sa Cole Valley, Upper Haight, at NOPA, at panatilihing nasa loob ng Distrito 5 bilang tinututukang komunidad.*
*Angie Petitt; hiniling na panatilihin ng Task Force na magkakasama ang mga komunidad na may koneksiyon, at hindi paghiwa-hiwalayin ang sentral na bahagi ng Distrito 5, pero ilipat ang mga bahagi ng lugar na nasa katimugan ng Golden Gate Park tungo sa Distrito 4.*
*Erica Sweig; hiniling na panatilihing ng Task Force na magkasama ang Japantown at ang Western Addition; pero ilipat ang mga hangganan ng Distrito 4 nang pahilaga tungo sa Inner Sunset.*
*Norman; hiniling na panatilihin ng Task Force ang mga lugar na nasa katimugan ng UCSF sa Distrito 5.*
*David Pilpel; hiniling na pag-aralang muli ng Task Force ang mga hangganang nasa file o rekord, inirekomenda na mapaloob sa mga hangganan ng Distrito 5 ang mga komunidad na nasa paligid ng Booker T. Community Service Center, at isaalang-alang ang pagpapanatiling magkakasama ng lugar na Duboce Triangle at Corona Heights habang idinaragdag ang kabuuan ng UCSF Parnassus sa Distrito 8.*
*Jill Shenker (SF Rising); hiniling na panatilihin ng Task Force ang komunidad ng mga Hapones at ang Western Addition sa Distrito 5; pero isaalang-alang ang paglipat sa mga bahagi ng Inner Sunset sa Distrito 4.*
*Susannah Wise, Presidente (Inner Sunset Merchants Association o Asosasyon ng mga Negosyante ng Inner Sunset); hiniling na panatilihin ng Task Force na buo ang mga komunidad ng Inner Sunset, nasa Distrito 4 man, o nasa Distrito 5.*
*Cheryl Thornton; hiniling na panatilihin ng Task Force na magkasama ang Japantown at ang Western Addition, at inirekomenda ang paglipat sa ilang bahagi ng Distrito 6 sa Distrito 5.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

## 6. Pagmamapa

*Seth Neill, Konsultant sa Muling Pagdidistrito (Q2 Data and Research); iniharap ang pinakabagong impormasyon ukol sa pagsisimula ng paggamit sa Kasangkapan sa Muling Pagdidistrito o Redistricting Tool ng San Francisco, at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Wala.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**7. Mga Ulat ng mga Miyembro ng Task Force**

*Kinilala ni Miyembro Pierce na aktibo ang Task Force Twitter Account, at iniulat din niya na nakipagkita siya sa API council at sa San Francisco Rising. Ibinahagi ni Miyembro Hernández Gil na nagkaroon siya ng pulong para sa debriefing o pagtatanong, kasama ang mga organisasyong nakabase sa komunidad sa Distrito 6, bilang kasunod na pulong sa ginanap na pulong noong Enero 14, kung saan may pagtutuon sa Distrito 6; at iniulat niyang nakipagkita siya sa mga nag-aadbokasiya sa San Francisco Rising at sa League of Women Voters San Francisco, at nakipag-ugnay din sa mga residente ng Jordan Park na magkakalapit-bahay, at nang sa gayon ay mailinaw na hindi pa nakakagawa ng anumang mapa ang Task Force. Nagdagdag si Miyembro Cooper sa pagkilala na aktibo na ang Task Force Twitter account. Ibinahagi ni Miyembro Jeremy Lee na nakipagkita siya sa mga miyembro ng Rose Pak Democratic Club (Rosa Pak na Demokratikong Samahan) at sa San Francisco Rising. Ibinahagi ni Miyembro Castillon na nakikipagtrabaho siya sa Office of the City Attorney at sa Q2 Redistricting Consultants upang maisaayos ang mga materyales para sa diskusyon ukol sa pagsusuri ng pagboto, kung saan may paghihiwalay nang dahil sa lahi, at sa gayon, mapaghandaan ang proseso ng paggawa ng mga mapa. Ibinahagi ni Miyembro Chasel Lee na nakikipagtrabaho siya sa mga konsultant para sa pag-abot sa higit na nakararami ng Civic Edge, at nang magawang pinal ang Fact Sheet (Papel na Nagbibigay ng Impormasyon) ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito. Pinasalamatan ni Tagapangulo Townsend si Miyembro Hernández Gil para sa pakikipag-ugnay sa mga residente ng Jordan Park na magkakalapit-bahay, at nang malinaw ang katayuan ng proseso ng muling pagdidistrito.*

*Mga Tagapagsalita: Wala.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**8. Mga Ulat ng Kinatawan ng Departamento/Pampublikong Opisyal ng Lungsod**

*Tagapagsalita: Tes Welborn; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**9. Komento ng Pangkalahatang Publiko**

*Tagapagsalita: Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang mga inaalala ukol sa iba't ibang usapin kaugnay ng pagdalo sa mga pulong ng Task Force at pagkakaroon ng mga materyales nito; at iminungkahi na regular na itala ng Task Force na hindi pa naihahanda ng Task Force ang mga borador o draft na mapa.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**10. Mga Bagay na Pag-uusapan sa Hinaharap**

*Hindi na nagsaad ang mga Miyembro ng Task Force ng anumang bagong tatalakayin sa pulong, pero nagsagawa ng pangkalahatang diskusyon ukol sa pagkakasunod-sunod ng mga gawain ng Task Force at pagbibigay ng istruktura sa mga ito.*

*Mga Tagapagsalita: Wala.*

**11. Pagtatapos ng Pulong**

*Dahil wala nang iba pang pag-uusapan, natapos ang pulong Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 2:18 p.m.*

*Pakatandaan (N.B). Itinatakda ng mga Tala ng pulong na ito ang lahat ng aksiyong isasagawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na nauukol sa mga usaping nakasaad, pero hindi kinakailangang naaayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtalakay sa mga usaping ito sa pulong.*

**INAPRUBAHAN: Enero 29, 2022**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**